# Pagtatakda ng bayad sa upa

**Ang Mission Australia Housing (MAH) ay nangangasiwa ng iba't ibang programang pabahay na nagbibigay ng pabahay sa mga kwalipikadong sambahayan na mayroong sobrang baba, mababa at katamtamang kita. Ang fact sheet na ito ay nagbibigay impormasyon sa mga nangungupahan kung paano kinakalkula ang upa at sinisingil ang mga nagungupahan.**

## Upa sa merkado

**Lahat ng ari-arian ng MAH ay binibigyan ng presyo ng upa sa merkado at ito ang pinakamataas na halaga na babayaran sa pag-upa ng isang ari-arian**

Ang presyo ng upa sa merkado ay sinusuri bawat taon alinsunod sa programang pabahay kung saan kasama ang iyong ari-arian. Ipapaalam sa mga nangungupahan sa pamamagitan ng kasulatan kung mayroong pagbabago sa presyo ng upa sa merkado.

## Mga nangungupahan sa social housing

Ang mga nangungupahan sa programa ng social housing o suportado ng programang social housing ay kwalipikado na mag-aplay ng rental rebate o subsidy. Ang rebate ay base sa porsyento (humigit-kumulang 25%) ng kabuuang kita ng sambahayan, dagdag pa ang 100% ng pinakamataas na makukuha sa sa Commonweatlh Rent Assistance.

## Mga nangungupahan sa affordable housing

Ang mga nangungupahan sa pamamagitan ng Affordable Housing Program ng MAH ay sisingilin base sa porsyento ng halaga ng upa sa merkado (80% o mas mababa).

## Commonwealth Rent Assistance (CRA)

Ang Commonwealth Rent Assistance (CRA) ay karagdagang bayad ng Centrelink sa mga taong umuupa sa pribado o sa mga pabahay sa komunidad at tumatanggap ng bayad mula sa Centrelink. Ang mga kwalipikadong nangungupahan ay maaaring direktang mag-aplay sa Centrelink para sa CRA.

Ang mga nangungupahan sa mga ari-arian na bahagi ng social housing at ang ilan sa mga Affordable Housing ay sisingilin ng upa base sa 100% ng pinakamataas na matatanggap mula sa CRA.

## Rent reviews

Ang MAH ay maaaring magsagawa ng hanggang dalawang pagsusuri kada taon para sa nangungupahan sa Social Housing at isa kada taon sa nangungupahan sa Affordable Housing. Ang mga nangungupahan ay sasabihan sa pamamagitan ng kasulatan kung kailan mangyayari ang pagsusuri at kakailanganing kumpletuhin ang Household Declaration Form at magbigay ng detalye ng kita para sa lahat ng miyembro ng sambahayan.

Ang mga nangungupahan na hindi magbigay ng detalye ng kita sa tamang oras ay maaaring makansela ang rental rebate at singilin ng presyo ng upa sa merkado.

## Mga pagbabago sa sambahayan

Mahalaga na ipaalam mo sa MAH ang anumang pagbabago sa iyong sambahayan kasama ang pagbabago sa dami at pagbabago sa kita upang masigurado ng MAH na tama ang pagsusuri sa iyong sambahayan.

## Pag-apila ng mga desisyon

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa desisyon ng MAH ukol sa iyong kwalipikasyon sa rental rebate, sa kakatapos lang na rent review o sa halagang sinisingil sa iyo para sa upa, ikaw ay may karapatan na i-apila ang desisyon. Para sa detalye kung paano, paki basa ang MAH Fact Sheet - Appeals and Complaints o makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager.

**Para sa karagdagang impormasyon ukol sa patakaran ng MAH sa pagtatakda ng halaga ng bayad sa upa, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisina ng MAH**

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au

MISSION AUSTRALIA together we stand

Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring makipag-ugnay sa Translating and Interpreting Service (TIS) National sa 131450.